

Pagbabago sa Konstitusyon 302

~~Ang naka-bold at naka-strikeout na pag-type ay nangangahulugang inalis ang kataga~~
Ang naka-bold na pagsalungat ay nangangahulugang idinagdag ang kataga

Artikulo VI MGA OPISYAL

Baguhin ang Seksyon 1 ng Artikulo VI upang magpakita ng pagbabawas sa bilang ng mga Executive na Pangalawang Pangulo mula sa pito (7) na magiging lima (5) upang konserbahin ang mga pangangailangan ng unyon sa sumusunod na paraan:

Seksyon 1. Ang mga opisyal ng Internasyonal na Unyon na ito ay dapat na binubuo ng Internasyonal na Pangulo, Internasyonal na Kalihim at Ingat-Yaman, **pito limang** fulltime na Executive na Pangalawang Pangulo, 25 Pangalawang Pangulo (hindi bababa sa dalawa sa kanila ang dapat na mga miyembro ng Mga Lokal na Unyon ng Canada), at 40 Executive Board Member (hindi bababa sa dalawa sa kanila ang dapat na mga miyembro ng Mga Lokal na Unyon ng Canada at ang isa ay dapat na Nagretirong Board Member). Ang Internasyonal na Pangulo, Internasyonal na Kalihim at Ingat-Yaman, at **pitong limang** Executive na Pangalawang Pangulo ay dapat na ihalal nang walang limitasyon ng lahat ng delegadong ipinulong sa Internasyonal na Kumbensyon. Dalawang Pangalawang Pangulo ng Canada at dalawang Executive Board Member ng Canada ang dapat na ihalal sa mga sumusunod na pamantayan: isang Pangalawang Pangulo at Board Member ang dapat na inomina at ihalal mula sa lahat ng mga lalawigan maliban sa Lalawigan ng Quebec. Isang Pangalawang Pangulo at Board Member ang dapat na inomina at ihalal mula sa Lalawigan ng Quebec lamang, sa kundisyon na ang Pangalawang Pangulo mula sa Quebec at ang Executive Board Member mula sa Quebec ay hindi maaaring mga miyembro ng parehong Lokal na Unyon. Ang mga Pangalawang Pangulo ng Canada at Executive Board Member na ito ay dapat na ihalal ng Konseho ng Canada sa Kumbensyon nito na binubuo ng mga delegadong inihalal alinsunod sa Konstitusyong ito at naaangkop na batas, at dapat na ganapin sa loob ng 90 araw bago ang Internasyonal na Kumbensyon kung saan ang mga opisyal ng Internasyonal na Unyon ay ihalal. Ang lahat ng iba pang Pangalawang Pangulo at Executive Board Member (kabilang ang Nagretirong Board Member) ay dapat na inomina at ihalal nang walang limitasyon.